



Mga batang lumaki na at napangalagaan ng Fujimino International Cultural Exchange Center

Tuwing Sabado, mga batang anak ng dayuhang magulang ay pumupunta sa FICEC International Children's Club para sa pag-aaral ng Nihongo. Tinanong namin ang mga bata tungkol sa kanilang karanasan at alaala sa panahong pumupunta sila sa FICEC bilang pangalawang eskuwelahan at lugar para sa mga pagtitipon. Ang pag-uulat ng mga bata ay kinuha sa FICEC journal "Hello Friends."

U.M. [Pakistan], May 2020

16 taong gulang ako nang magtapos sa junior high school sa Pakistan at pumunta dito sa Japan. Sa tingin ko ang Japan ay isang ligtas at malinis na bansa. Wala akong nakikitang mga matatanda na nag aaway sa mga kalye. Nahirapan ako ng kumuha ng entrance exam sa high school. Nakuha ko ang parte ng listening sa Ingles, ngunit hindi ko maintindihan ang ibang subjects. Kinabahan din ako sa interview. Buti na lang at nakapasok ako sa isang evening high school sa Kawagoe City. Sa tingin ko ay mababait ang mga teachers sa Japan. Nag ipon ako ng pera para sa panggastos sa eskuwela sa pagtatrabaho nang part time. Nang magtrabaho ako ng part-time sa isang dry-cleaning, natutuhan ko ang mga Japanese kanji characters habang nagsusulat ng mga slip ng laundry ng mga kurtina mula sa mga ospital at kumpanya. Balak kong patuloy na manirahan sa Japan. Sa hinaharap, gusto kong magtrabaho sa kumpanya ng sasakyan. At pag may sapat na akong pera, gusto kong magtayo ng sariling kumpanya.

S.J. [China], September 2021

13 taong gulang ako ng dumating dito sa Japan. Nalaman ko ang tungkol sa FICEC children's club sa city hall. Sa ika-3 taon sa high school, marami akong pinag-isipan tungkol sa aking karera para sa hinaharap. Nagpunta ako sa isang information session sa Kawagoe Doctors and Nursing College at nagpasya akong kumuha ng entrance exam. Nagsikap nang husto ang mga guro sa children's club na matulungan ako sa paghahanda para sa entrance exam. Maraming beses nila akong pinapraktis sa aking sanaysay at gayundin sa aking interbyu. Bumili ako ng aklat ng mga tanong tungkol sa pangkalahatang kaalaman at nag-aral nang mag-isa. At naipasa ko ang exam. Sigurado ako na sa susunod na 2 taon ng pag-aaral ay magkakaroon ng mga paghihirap at problema sa praktikal na pagsasanay at sa pagkuha ng pambansang pagsusulit. Ngunit alam kong maari akong magkonsulta sa children's club. Para sa akin, ang children's club ay isang lugar na madudulugan at nagpapalakas ng aking loob.

S.R. [Philippines], May 2021

Noong una kong dating sa Japan, hindi ko talaga maintindihan ang Nihongo, kaya nahirapan akong pumasok sa paaralan at madalas na lumiban sa klase. Pero salamat sa mga guro sa children's club, unti unti kong naunawaan ang Nihongo at nagbago ang aking pakiramdam at nagsimula akong mag isip ng positibo, na kung hindi ako magsisikap, ako din ang mahihirapan, kaya kailangan kong gawin ang lahat ng makakaya ko. Noong high school, kinunsulta ko ang aking guro sa FICEC tungkol sa aking alalahanin bilang pinuno ng badminton club at mga problema sa klase. Tinulungan din nila ako sa pagpili ng paaralan at pagsumite ng mga dokumento pagkatapos ng graduation. Dahil doon, nakapag-aral ako sa Ground Staff Vocational School. Bagama't nagkaroon ako ng maraming problema, nagkaroon ako ng tiwala sa sarili at sa pang-araw-araw na buhay. Nais kong pagbutihin ang aking Nihongo at balang araw ay makapagturo sa mga bata sa children's club, upang masuklian ko ang kanilang kabutihan.



P. M. F. [Philippines], May 2022

Ang tatay ko ay isang Hapon at ang nanay ko ay Pilipina. Noong walong taong gulang ako, inilipat ako sa isang paaralan sa Japan. Parati akong kinakabahan noon pero naaalala ko na mabait sa akin ang mga kaklase ko. Nahirapan ako sa pag-aaral. Madalas ay hindi ako pumapasok sa klase at nag-aaral nang mag-isa. Ang mga guro at volunteers sa FICEC ang nagturo sa akin noong panahong iyon. Noong pumapasok ako sa kolehiyo, pumasa ako sa JLPT N1. Dahil nasa Pilipinas ako, Japanese anime at manga ang nag udyok sa akin na mag aral ng Nihongo. Ang manga ay isang mahusay na paraan para sa mga dayuhan upang matuto ng wikang Hapon. Nagtatrabaho na ako ngayon dito sa Japan. Nagpapasalamat ako sa mga guro at volunteers sa children's club. Maraming salamat po.

Mga gaganaping Festival sa buwan ng Setyembre at Oktubre

Kasali din ang FICEC sa mga festival

◆ Setyembre 7, Miyoshi Festival

Lugar: Miyoshi Town Sports Park, malapit sa Miyoshi Town Hall
 May programa ng mga pagsasayaw, pagtugtog ng drum, pang-musikang pagtatanghal at iba pa, at marami ding mabibilhang food stalls. Sa pagtatapos ng festival ay magkakaroon ng fireworks display.

◆ Setyembre 8, Nishi Kouminkan Festival

Lugar: Kamifukuoka nishi kouminkan
 May programa ng kantahan at pagsasayaw ng mga aktibong grupo sa community center, iba't ibang snacks na mabibili sa food stalls, at may exhibition corner na masasalihan.

◆ Oktubre 6

Fujimi City Int'l Exchange Forum

Lugar: Fujimi Civic Cultural Hall Kirari Fujimi City

● Pag-uusap tungkol sa pamumuhay sa Japan at kultura ng ibang bansa

Mga kuru-kuro ukol sa pamumuhay sa Japan at mga banyagang kultura ng iba'ibang bansa

● Programa at mga atraksyon

Pagsasayaw ng cheerleaders' group, kantahan, sayaw ng hula, pagtatanghal ng Japanese drum at iba pa


● Karanasan /Eksibisyon

Pagsusuot ng tradisyonal na damit, uniporme ng pulis, pag-angkas sa mini motorbike, pagsusulat ng mga banyagang letra, pagpapalo ng drum, simpleng Japanese exhibit, at pag-inom ng mga banyagang tsaa.

Sumali din tayo sa mga festival ngayong taglagas!

- Oktubre 19 ~ 20 Kawagoe Festival <https://www.kawagoematsuri.jp/>
- Oktubre 26 Fujimi Furusato Festival Lugar: sa labas ng Fujimi City Hall
- Oktubre 27 International Fair Lugar: Saitama Super Arena

Fujimino City
 [Gabay sa pamumuhay]



Nakasalin sa 8 mga wika:
 Simpleng Japanese, English, Chinese, Korean, Tagalog, Portuguese, Vietnamese, at Nepalese.
 Libreng ipinamamahagi.

Pagbabago ng 10,000 yen,
 5,000 yen, at 1,000 yen

Mag-ingat sa mga pangloloko!
 Ang lumang pera ay magagamit pa rin!

